# Mga Kalamidad at ang Rebelyong Dios-Dios sa Samar noong Dantaon 19

*Raymund Arthur G. Abejo*

**Abstract**

Samar, one of the poorest islands in the Philippines since the colonial period to the present, was at the margin of the major transformations in the archipelago during the nineteenth century. Encouraged by inter-island shipping and the opening of Cebu and Iloilo ports to international trade, cash crop productions increased and population grew in Samar. Abaca, coconut oil, and dried fish were its major products. During this century the Philippines also experienced several calamities and epidemics.

The impact of calamities such as typhoons, locust plagues and cholera epidemics on the lives of the people of Samar during the nineteenth century is examined in the paper. It describes the destruction and death caused by typhoons in 1842, 1843, 1879, 1882 and 1893; locust plagues in 1855-1858 and 1885-1887, and cholera epidemics in 1821-1823, 1846-1847, 1850 and 1882-1883. This paper explores the relationship between these calamities and the outbreak of *Dios-Dios* rebellion throughout the island. Drawing from archival records and travel accounts of that period, the emergence of Dios-Dios as a social movement is considered as an outlet of resistance to Spanish colonial rule and a reaction to the sufferings brought by the calamities.

Ang kalamidad at pag-aalsa ay dalawang mukha ng paghihirap sa Samar noong dantaon 19. Itinulak ang mga Samareño, na lugmok sa pagdurusa sanhi ng serye ng mga kalamidad, para sumapi sa kilusang Dios-Dios na nagpapahiwatig ng pagtuligsa at paglaban sa estadong kolonyal ng Espanya. Ilalahad sa artikulong ito ang epekto ng mga sakuna—ng bagyo, balang at kolera na sumalanta sa Samar. Ang mga puwersang pangkapaligirang ito ay hindi lamang sumira ng pananim at ari-arian, kundi naging sanhi rin ng pagkamatay ng mga tao at alagang hayop.

Nasa gitnang-silangang bahagi ng Visayas na nakaharap sa Karagatang Pasipiko, ang Samar ay madalas daanan ng malalakas na bagyo. Mula sa mga dokumento sa sinupan, naitala na sinalanta ng malalakas na hangin at bugso ng ulan ang Samar noong 1842, 1843, 1879, 1882 at 1893. Samantala, ang malaking kuyog ng balang na umuubos sa dahon ng anumang pananim ay sumira sa agrikultural na pamumuhay ng naturang probinsiya noong 1855-1858, at 1885-1887. At sa huli, ang sakit na kolera na impeksyon sa bituka na maaaring makamatay dahil sa labis na pagtatae at *dehydration* ay mabilis na kumalat sa pamamagitan ng kontaminadong tubig at pagkain sa Samar noong 1821-1823, 1846-1847, 1850 at 1882-1883.

Susubuking iugnay ng papel na ito ang mga sakuna at pakikipagtunggali ng Dios-Dios sa Samar. Ang kilusan ng Dios-Dios sa Samar noong dantaon 19 ay nagpapahiwatig ng pangkalahatang kahirapan ng mga katutubo. Isa sa mga nabanggit na benepisyo bilang mga kasapi ng Dios-Dios ay ang kaligtasan sa sakit at pagkabuhay ng mga namatay sa sakit na kolera. Ilalahad din ang pagdami ng mga *remontado* o namundok para lumabas sa mga *pueblo* at sumapi sa Dios-Dios bilang epekto ng mga kahirapang dulot ng mga sakuna at sakit. Tatalakayin ang Dios-Dios bilang isang kilusang panlipunan na may dalawang antas ng pakikipagtunggali: una, ang mapayapang pakikipagtunggali sa pamamagitan ng pag-iwas at paglikas, at pangalawa, harapan at madugong pakikipagtagis.

## Katangian ng mga Batis

Upang makabuo ng historikal na salaysay sa mga kalamidad at Dios-Dios, sinuri ang mga di-limbag na dokumento na nasa Pambansang Sinupan ng Pilipinas. Malaking bahagi ng mga datos ay nagmula sa mga *legajo* ng *Erección de Pueblos:* Samar, *Calamidades Publicas, Memorias Medicas* at *Sediciónes y Rebeliónes*. Kinuha ng may-akda ang mga bumabanggit sa mga sakuna sa legajo ng *Erección de Pueblos*. Sinuyod naman ang labing-limang legajo ng *Calamidades Publicas* na hindi naklasipika ayon sa lugar. Para naman sa mga ulat sa

Dios-Dios, pinag-aralan ang mga tala ng Dios-Dios sa Samar mula sa legajo ng *Sediciónes y Rebeliónes*. Hindi pa rin ito kumpleto at komprehensibo. Marami pang dokumento ang hindi natingnan mula sa iba pang legajo. Pinagbatayan din ang mga tala ng paglalakbay ng mga banyagang nasa Pilipinas at/o nakarating sa Samar tulad ni Fedor Jagor at mga diksyunaryo administratibo ng dantaon 19. Maliban sa mga pangunahing batis, sinangguni rin ang ilang aklat, tesis, disertasyon at artikulo sa dyornal na sinulat ukol sa Samar at/o kalamidad upang isakonteksto ang mga sakunang tatalakayin sa artikulong ito.

Dahil sa katangiang opisyal at kolonyal ng mga pangunahing batis, walang gaano ng banggit sa epekto sa pag-iisip ng mga katutubo ng Samar o sa persepsyon nila ukol sa maraming sakuna at sakit na kanilang naranasan noong dantaon 19. Nababanggit lamang ang mga katutubo bilang numero sa *statistics* ngunit ang kanilang katayuan pangkaisipan ay hindi mahalaga sa nag-ulat.

## Kalupaan at Paninirahan sa Samar, dantaon 19

Ikatlo sa pinakamalaking isla sa Pilipinas ang Samar na may lawak na humigit sa 5,000 milya kwadrado. Ang Samar ay nahahati sa gitna ng kabundukan at natatakpan ng makapal na kagubatan noong sinaunang panahon. Mahalaga ang ugnayan ng tatlong sonang heograpikal ng kabundukan, kapatagan at karagatan sa kabuhayan at kultura ng mga katutubo rito. Mula sa kabundukan umaagos ang ilang ilog at sapa tungo sa makikitid na kapatagan na nakayakap sa hilaga, silangan at kanlurang gilid ng isla. Napapaligiran ng mayamang dagat ang isla na siyang pinagkukunan ng pagkain at tulay ng pakikipag-ugnayan sa iba pang isla

Makikita sa gilid ng isla ang karamihan ng mga pueblo ng Samar tulad ng Catbalogan, Borongan, Catarman, Basey, Laoang, at Pinabacdao. Dalawa lamang ang nasa bandang interyor—ang Catubig at Gandara—ngunit malapit pa rin sa tubig dahil nasa tabing-ilog ang dalawa. Sa pag-aaral ni Cruikshank, napatunayan ang mabilis na

pagdami ng itinatag na pueblo at pangkalahatang populasyon sa Samar noong dantaon 19 ("The Settlement"). Sa kabila ng sunod-sunod na kalamidad ng kolera, bagyo at balang sa loob ng dantaong ito lumaki pa rin ang populasyon bunga ng mataas na antas ng pagsilang at imigrasyon mula sa ibang probinsiya.

Mula sa labing-siyam (19) na pueblo noong 1854, nagkaroon ng 33 na pueblo noong 1870, 35 na pueblo noong 1890 at 40 na pueblo noong 1898. Samantala mula sa 2,800 na karaniwang bilang ng tao sa bawat pueblo noong 1800, umakyat ito sa 5,600 noong 1854 hanggang maging 6,100 noong 1896. Sa kabuuan, ang populasyon ng Samar noong 1800 na tinatayang 42,000 lamang ay lumobo hanggang 245,000 katao noong 1896 (Cruikshank, "The Settlement" 41). Tignan ang Mapa 1.


## Calamidades Publicas

Tinaguriang *calamidad publica* ang nakalulunos na pagkamatay ng maraming tao sa loob ng isang distrito, rehiyon, o bansa dulot ng mga epidemya, giyera, baha, sunog, salot, tagtuyot, lindol at higit sa lahat, kakulangan sa pagkain sa panahon ng krisis pang-ekonomiya (Martinez Alcubilla 2 pt.1 187). Sa paliwanag ni Jaime Veneracion, ang mga kalamidad tulad ng lindol, bagyo at "iba pang aksyon ng kalikasan" ay walang kasaysayan bilang kalamidad lamang. Nagkakaroon lamang ito ng saysay kung pag-aaralan ang epekto nito sa buhay ng tao. Nakakaapekto sa kalinangan ng lipunan at kamalayan ng tao ang kalamidad bunga ng pag-angkop o pagtugon sa mga pangyayari sa kalikasan.

### *Pananalanta ng Bagyo*


Natural na daanan ng bagyo ang Samar dahil sa heograpikal na lokasyon nito sa gitnang silangang ng Pilipinas na nakaharap sa Karagatang Pasipiko. Ayon kay Fedor Jagor, na bumisita sa Samar noong 1859, ang Disyembre at Enero ang pinakamaulan na buwan. Minsan nga raw walang tigil ang pag-ulan nang labing-apat na araw sa mga buwang nabanggit (Jagor 168-169). Tingnan ang Mapa 2.

## Mapa 1
## Samar at Mga Bayan nito Noong Huling Bahagi ng Dantaon 19




Batis: Cruikshank, "Continuity and Change."

## Mapa 2
### Climate Map ng Pilipinas




Batis: Paterno 1993

Halos lahat ng mga tahanan at gusali ay matinding nasisira tuwing may humahagupit na bagyo. Ito ay dahil sa karaniwang gawa sa nipa, kawayan at tabla ang mga bahay sa Samar. Samantala, ang mga gusaling pampamahalaan tulad ng *casa real,* tribunal at paaralan sa Catbalogan ay gawa sa nipang bubong, tabla at kahoy na haligi at pader.

Naiulat na madalas matanggal o malipad ang bubong ng mga gusali ng casa real, tribunal at paaralan. Dahil sa pangyayaring ito, ilang beses nang nabasa ng ulan ang mga papel o opisyal na dokumento sa loob ng casa real. Tulad ng bagyo noong 12 at 13 ng Disyembre 1842, inilipad ang bubong ng simbahan at casa real sa Catbalogan. May tumaob namang isang *casco* na naglalayag mula Sulat tungong Palapag. Sa insidenteng ito, nalunod ang labindalawang lalaki at isang babae na lulan ng casco na naglalaman din ng mga 80 tapayan ng langis ng niyog (*Erección de Pueblos* 199, 216-217).

Noong 23-24 Abril 1843 sinalanta ng bagyo ang mga bayan ng Buad, Paranas at Umauas. Sa Buad, pitong bahay lamang ang natirang nakatayo. Nasira ang simbahan at tumagilid ang kumbento sa mga bayan ng Paranas at Umauas. Dahil sa mga pinsalang ito, hiniling ni Gob. Francisco de Castilla sa gobernador intendente ng Visayas na ipagpaliban ang pagkolekta ng *Real Haber* dahil walang pera ang mga katutubong nasalanta. Higit na nasalanta ang mga pananim na niyog dahil nahulog ang mga bunga nito (*Erección de Pueblos* 219, 221).

Ang pagbabago sa barometro ang pangunahing paraan sa panahong iyon upang malaman ang pagdating ng bagyo. Ang karaniwang pagtaas o *maxima* ng barometro ay sa agwat ng alas 9-10 ng umaga at alas 9-10 gabi. Samantala, ang pagbaba o *minima* naman ay sa agwat ng alas 3-4 ng madaling araw at alas 3-4 ng hapon. Ang anumang pag-ugoy (*oscillation*) na labas sa karaniwan ay nagbabadya ng bagyo. Sa karanasan ni Jose Algue, eksperto sa *weather forecast* noong bandang 1900, kapag bumaba ang barometro tungong 747 millimetro (29.41 pulgada) sa oras ng minima, may 60 milya ang layo ng parating na bagyo (12, 143).

Nagsimula ng alas-dos ng hapon ang mabilis na pagbaba ng barometro at umihip ang malakas na hangin mula sa hilaga noong 18 Nobyembre 1879. Ilang araw makalipas ang bagyo dumating sa Catbalogan ang ulat ng mga *gobernadorcillo* maliban sa mga pueblo sa hilaga at silangang bahagi ng Samar. Ilang bahay lamang ang natirang nakatayo dahil sa lakas ng ulan at hangin na tumagal hanggang sa sumunod na araw. Nabunot ang pundasyon ng ilang bahay at natanggal ang nipang bubong ng casa real, *enfermaría,* kulungan, kumbento, at may 39 na bahay na gawa sa tabla at 85 na bahay na gawa sa kawayan. Halos magiba ang may 143 na bahay na gawa sa nipa at kawayan at 13 *camarin* sa dalampasigan. Nabuwag naman ang simbahan at kumbento sa mga pueblo ng Villareal, Zumarraga, at Dapdap. Inililikas ang mga matatanda, bata, maysakit at kababaihan sa mas ligtas na lugar sa panahon ng malakas na bagyo (*Calamidades Publicas 1864-1897* 377-426).

Ang ulat sa bagyo nang 12-13 Mayo 1893 ang pinakadetalyadong ulat ng gobernador. Nakalista rito ang mga nasalantang gusali, pananim at nawalang buhay ng tao (Tingnan ang Talahanayan 1 at Mapa 3). Tunay na nakaapekto sa kabuhayan ng mga tagaroon ang bagyo. Bumagsak ang mga puno ng niyog at abaka na pangunahing produkto ng Samar. Hindi rin nakaligtas ang palay, saging at tubo ng asukal kung kaya lubos na naapektuhan ang naging ani ng taong iyon.

May ilang tao ang nasawi tulad noong 12-13 Disyembre 1842, tumaob ang isang casco sa Palapag na may lulan na labindalawang lalaki at isang babae. Noong Nobyembre 1879, nalunod din ang tatlo sa pitong tripulante ng isang *berganiin* sa Calbayog. Kargado ito ng 130 *picul* ng abaka at iba pang produkto. Sa Zumarraga, dalawang lalaki, isang babae at isang batang lalaki ang nadaganan at namatay sa pagbagsak ng malaking puno sa kanilang bahay. May namatay na mangingisda sa Dapdap at apat naman sa Calbayog (*Erección de Pueblos* 216-217; *Calamidades Publicas 1864-1897* 377-426).

## Talahanayan 1

### Nasalanta ng Bagyo sa Samar noong 12 at 13 Mayo 1893

| PUEBLO | SIMBAHAN NA NASIRA | VISITA NA NASALANTA | TRIBUNAL NA NASIRA | PAARALAN | BAHAY NA MATIBAY | BAHAY NA MAHINA | PANANIM | TAO |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Jiabong | 1 | | | | ilang bahay | ilang bahay | abaca at tubo | |
| Paranas | | | | 1 | | | abaca at tubo | |
| Tarangnan | 1 | | 1 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | abaca ay bungang kahoy | |
| Calbayog | | 2 | 3 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay at abaca | |
| Sto. Niño | kumbento | 3 | 4 | | ilang bahay | ilang bahay | abaca at niyog | |
| Weyler | 1 | 2 | 3 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay at abaca | |
| Oras | 1 | 2 | 3 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay at abaca | |
| Sta. Margarita | 1 | 4 | | 2 | 1 | 56 | abaca at niyog | |
| Lavezares | 1 | 5 | 1 | 2 | | 139 | abaca at niyog | |
| Capul | 1 | 7 | 8 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | abaca at niyog | |
| Bobon | 1 | 6 | 7 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | abaca at niyog | |
| Lao-ang | 1 | 2 | 4 | | ilang bahay | 1175 | palay at niyog | |
| Borongan | | | 3 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay at niyog | |
| Oquendo | 1 | | 1 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay at niyog | |
| Gandara | | | 1 | 1 | | | palay at niyog | |
| La Granja | 1 | 5 | 6 | 2 | 14 | ilang bahay | abaca, bungang kahoy | 2 nasugatan at 1 nalunod |
| Catarman | | 4 | 5 | 2 | ilang bahay | ilang bahay | palay, atbp | |
| Catbalogan | | | | | | | | |
| Total | 11 | 43 | 50 | 26 | | | | |


Batis: *Calamidades Publicas 1845-1890*, 671.

## *Pananalanta ng Balang*

Ang balang ay uri ng insektong mabilis dumami at sumasalanta sa mga pananim. Kinakain nito ang dahon sa loob ng ilang minuto lamang kaya ang di-direktang resulta nito sa mga tao ay kawalan ng pagkain o pagkagutom. Ang mga naiulat na pananalanta ng balang sa Samar noong dantaon 19 ay noong mga taong 1855-1858 at 1884-1888.

Sinalanta ng balang ang mga pueblo ng Catbalogan, Jiabong, Paranas, Villareal, Santa Rita, Calbiga, Gandara, Tarangnan, Capul at

## Mapa 3
### Nasalanta ng Bagyo noong 12 at 13 ng Mayo 1893 sa Samar




Batis: Cruikshank, "Continuity and Change": Abejo 2005.

Zumarraga noong 1855-1858. Sa kabilang banda, may labing-isang pueblo, lalung-lalo na sa Jiabong at Gandara ang nasalanta noong 1884-1888. Sa dalawang pagkakataong ito, humingi ng tulong pinansyal ang gobyernong probinsiyal sa gobyernong superyor upang mapuksa ang balang ngunit napakabagal ng pagtugon nito (*Calamidades Publicas 1856-1891*; *Calamidades Publicas 1866-1896* 321-322b).

Maliban sa problema sa balang, naranasan din ng Gandara noong 1884-1888, ang pananalanta ng daga at malakas na ulan. Inubos ng balang ang dahon ng pananim at ng daga ang mga ugat ng kamote. Binaha naman ang palayan. Nagkaroon ng krisis sa mga lugar sa Gandara at kalapit na *visita* tulad ng Matuguinao, Buad, San Enrique, Sta. Elena, Multa at Tawiran. Dahil sa walang makain na bigas at kamote, napilitan ang mga mamamayan na mangalap ng prutas sa gubat. Naiulat na namatay sina Fermina Diaz at Marcelino Ploquiño ng visita ng Matuguinao dahil sa gutom.

Bilang tugon sa krisis, inatasan ni Enrique Chacon, gobernador ng Samar, si Damaso Martin y Lunan, *auxiliar de fomento,* na kumuha ng mga testimonya ukol sa nabanggit na lugar. Matapos ang imbestigasyon, namahagi ng isa at kalahating ganta ng bigas ang pamahalaan sa bawat pamilya. Inatasan ang mga mangangalakal na Tsino na magdala ng bigas sa Gandara. Partikular na binanggit sa dokumento si Antonio Tanseco, negosyanteng Tsino sa Catbalogan na magsagawa nito. Umabot sa 35 pamilya o 131 indibidwal ang nabiyayaan ng bigas sa Buad, may 27 pamilya o 52 indibidwal sa Tawiran (3 cavan at 3 ganta ang kabuang bigas). May 2 cavan at 11 ganta ang pinamigay sa San Enrique at 3 cavan at 21 ganta sa Sta. Elena (*Calamidades Publicas 1863-1887* 354-465). May ilang araw na nagpamudmod pa ang pamahalaan hanggang sa malunasan ang krisis ng pagkain. Tingnan ang kabuuan ng distribusyon ng bigas sa mamamayang nagugutom sa Talahanayan 2.

Talahanayan 2

Dami ng bigas (cavan) na ibinahagi sa Gandara

| VISITA | BIGAS (CAVAN) |
|---|---|
| Matuguinao | 195.00 |
| Buad | 132.00 |
| Sta. Elena | 96.00 |
| San Enrique | 61.00 |
| Tawiran | 78.00 |
| Multa | 43.50 |
| Total | 605.50 |

Batis: *Calamidades Publicas 1863-1887*, S664b-S665

*Pananalanta ng Kolera*

Naging pandemikong sakit ang kolera sa Timog Asya, Silangang Asya, Timog Silangang Asya, Silangang Aprika, Europa at Amerika noong dantaon 19. Kilala rin sa pangalang *colera morbus,* ang sakit na ito ay naging sanhi ng libu-libong pagkamatay mula sa *bacteria* na kumakalat sa maruming tubig at pagkain. Sa loob ng isa hanggang ilang linggo ay maaaring mamamatay ang taong nahawa ng kolera. Nakakaranas ang isang tao na may kolera ng pagtatae at *dehydration* na magiging sanhi ng pagkamatay. Natala ang pagputok ng epidemikong kolera sa Samar noong 1821-1823, 1846, 1850, at 1882-1883 (Worcester 4).

Maraming salik para lumaganap ang sakit na kolera noong dantaon 19. Kasama dito ang pagdami ng biyaheng maritimo sa gitna ng Samar at ibang lugar sa bansa,[1] paglaki ng populasyon, at kakulangan sa sanitasyon lalung-lalo na ang pagkakaroon ng malinis na inuming tubig at tamang pagtapon sa dumi ng tao. Ang pagsasagawa ng kwarentena ang naging sagot ng pamahalaan upang mapigil ang pagkalat ng sakit na ito. Ngunit hindi ito naging epektibo.

Epektibo diumano ang mga tradisyunal na panggagamot na pinaghalong dinikdik o kinaskas na manungal (*samadera incida*), *agua*

*tibia*, langis at niyog. Ang ibang gamot naman ay kristal ng alkampor at itlog ng pugo na inilalagay sa bibig. Ang bahay naman ay pinapausukan ng asidong nitriko (Bantug 76).

Ayon sa ulat ni Mariano Cervantes, *medico titular* sa Catbalogan, Samar, sapat ang pasilidad ng maliit na ospital ng probinsiya para sa 60 tao lamang na nasa unang palapag ng gusali ng tribunal. Ang pinakaugat ng sakit ng mga tao sa Samar ayon sa kanya ay ang maruming tubig at kakulangan sa masustansiyang pagkain. Ang tanging bukal ng tubig sa Catbalogan ay nasa dalampasigan kung kaya kapag mataas ang *tide,* nahahaluan na ito ng tubig-alat. Iminungkahi ni Cervantes na maglatag ng tubo mula sa bukal tungong *población* para maging madali ang pagkolekta ng tubig. Isa pang reklamo ay mahirap din bumili ng gamot sa mga sakit dahil walang botika sa Catbalogan (*Memorias Medicas* 306-306b).

Makikita sa Talahanayan 3 ang bilang ng mga nasawi sa ilang pueblo nang kumalat ang epidemya noong 1846. Makikita na may naiulat na kolera sa 25 pueblo at umabot sa 1,973 ang nasawi. May pinakamaraming namatay sa mga pueblo ng Guiuan at Borongan. Lampas sa 100 tao naman ang namatay sa Catbalogan, Paranas, Libas, Sulat, Paric, Laoang, Catarman, at Calbayog. Ngunit hindi ito ang pinakamalalang pagtama ng kolera sa probinsiya, ang pinakamatinding pangyayari ng kolera ay sa loob ng panahong 1882-1883 (Tingnan ang Talahanayan 4 at Mapa 4).

## Pag-aalsa ng Dios-Dios at Kilusang Panlipunan sa Samar

### *Pamunuan at Kasapian*

Mayroong tatlong malalaking kaganapan ng pakikipagtunggali ang mga taong-labas sa Samar noong 1883-1884. Isa ay nakasentro sa lugar ng Gandara, ang pangalawa sa erya ng Borongan at pangatlo sa Villareal. Tinawag ang kilusang ito sa mga opisyal na ulat bilang Dios-Dios dahil sa katangiang relihiyo-pulitikal nito. May mga katulad na kilusang panlipunan ito sa ibang bahagi ng Pilipinas ngunit may

## Talahanayan 3
### Bilang ng Nasawi sa Bawat *Pueblo*

| PUEBLO | NASAWI | PUEBLO | NASAWI |
|---|---|---|---|
| Catbalogan | 187 | | |
| Buad (Zumarraga) | 37 | Sulat | 160 |
| Jiabong | 35 | Tubig | 73 |
| Paranas | 120 | Paric (Dolores) | 136 |
| Calbiga | 29 | Catubig | 9 |
| Pinabacdao | 5 | Palapag | 43 |
| Umauas (Villareal) | 24 | Laoang | 170 |
| Sta. Rita | 18 | Catarman | 129 |
| Basey | 51 | Bobon | 1 |
| Balangiga | 40 | Capul | 17 |
| Guiuan | 227 | Calbayog | 107 |
| Borongan | 215 | Bangajon (Gandara) | 7 |
| Libas (San Julian) | 130 | Dapdap (Tarangnan) | 3 |
| | | Total | 1,973 |


Batis: *Ereccion de Pueblos 1749-1848*, 304.

## Talahanayan 4
### Bilang ng Namatay sa Tatlong Panahon ng Salot ng Kolera

| TAON NG EPIDEMYA | NASAWI |
|---|---|
| 1821-1823[a] | 10,000 |
| 1846[b] | 1,973 |
| 1882-1883[c] | 14,820 |

Mga Batis: (a) Bilang mula kay Cruikshank, "The Settlement" 53; (b) Bilang mula sa *Erección de Pueblos*, Samar 1749-1848, 304; (c) Bilang ng mga namatay sa Samar kasama yaong hindi kolera ang sanhi, Cruikshank, "The Settlement" 44.

## Mapa 4
## Pagkalat ng Sakit na Kolera Noong 1846 sa Samar




Batis: Cruikshank, "Continuity and Change"; Abejo.

konsentrasyon sa kalakhang bahagi ng kabisayaan noong bandang 1880.[2]

Walang malinaw na herarkiya ang pamunuan ng kilusang Dios-Dios sa Samar kundi koalisyon ito ng mga taong may mistikal at ispiritwal na karakter na naging popular sa mga naliligalig na mamamayan ng Samar. Ang mga lider sa Samar ay sinasabing kinausap ng Diyos at inatasang umakay sa taumbayan palabas sa mga pueblo tungo sa bagong pamayanan. May bahid ito ng pagbabalik sa sinaunang relihiyon at kaayusan na makikita sa peregrinasyon at pamumundok ng mga nakikibakang katutubo.

Sentral sa kilusang Dios-Dios si Isidro Reyes na sinasabing bagong hari ng Samar at tinaguriang Conde Leynes. Isa siyang *tambalan* o manggagamot ayon sa sinaunang kapaniwalaan sa Samar. Noong Setyembre at Oktubre 1883 pinuntahan niya ang mga bahay sa Gandara upang hikayatin ang mga tao na magpagamot sa kanya. Kasagsagan noon ng kolera sa Samar. Dahil sa kanyang mirakulong panggagamot naging bantog si Reyes. Dumami ang mga taong tumungo sa bahay ni Asuncion Llacer, kung saan nakatira si Reyes, para magpagamot o hindi kaya ay makinig sa kanyang mga salita. Tumanggap si Reyes ng regalo at salapi mula sa mamamayang bumibisita sa kanya at ginamit na isyu ito ng mga opisyal sa Catbalogan laban sa kanya. Malapit na tagasunod ni Reyes sina Crisanto de la Cruz a.k.a. Ramon Guerrera, Cleto Milca, at Bonifacio Comilde. Ang tatlong ito kasama si Reyes ay sinasabing pinadala ng Diyos para sa isang misyon sa lupa (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 71-73).

Nadakip si Isidro Reyes ng *guardia civil* sa Gandara noong 5 Enero 1884. Nadakip din sina Crisanto de la Cruz, Cleto Milca at Bonifacio Comilde noong 28 Enero 1884 habang nagtitipon sa bahay ng mag-amang Polijipo Velasco at Faustino Velasco sa Lincoro. Nakuha mula sa bahay nila ang mga alay na itlog ng manok, 40 na manok at maraming bigas. Patunay lamang ito na bagaman nahuli na si Isidro Reyes ay patuloy pa ring silang nagpupulong kasama ang maraming tagasunod nito (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 73).

Maliban sa Gandara at Lincoro may mga katulad na pagpupulong sa iba pang lugar, tulad ng Bunga, Tarangnan at Tinambacan. Isa pang pinuno ng kilusan si Carlos Rosalde na tinawag na *Superior*. Ipinagpatuloy ni Rosalde ang sinimulan sa pamamagitan ng pamumuno sa mga peregrino sa visita Bunga. Siya at sina Rufino Bioso, Severiano Albey, Alejo Sabandal, Lucreo (walang apelyido), at Nicolas (walang apelyido) ang nanguna sa pagpapahayag sa iba't ibang pueblo na magkakaroon ng *cataclismo*—na lulubog ang lupa at titigas ang tubig sa dagat. Ang maliligtas lamang ay ang mga pupunta sa Bunga. Sinasabi ring nangolekta ang mga ito ng kontribusyon sa mga nagtipon sa Bunga (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 80).

Nagsidatingan ang maraming tao sa buwan ng Marso mula sa iba't ibang dako ng kanlurang Samar tungong Bunga upang magsagawa ng piyesta, prosesyon, pasasalamat at maghintay sa cataclismo. Para sa mga Espanyol ang mga mamamayang naniwala sa sinabi nina Reyes at Rosalde ay mga ignorante at madaling malinlang. Dagdag pa, napaglaruan o napagsamantalahan sila dahil sa maligalig na panahong dulot ng kolera at iba pang sakuna sa Samar noong panahong ito. Tingnan ang ilang sipi mula sa mga ulat ng opisyal sa Samar para sa gobernador heneral ukol sa mga kasapi ng kilusang Dios-Dios sa Samar:

> les atribuye y que reconocen principalmente por origen la miseria el hambre y las costumbre algun tanto salvajes de muchos de estos habitantes. (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 38)

> fanatizados estos sencillos habitantes por algunos que los esplotan que les hacen abandonar sus pueblos e impiden la recaudación de los impuestos. (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 50)

> ...los supersticiosos naturales de esta atrasada provincia, abusando del temor natural a los males sobrenaturales y del recuerdo de los daños, que a todos causó, la invasión colerifa, el año pasado... (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 82)

> las predicaciones continuaran produciendo sus efectos mas que desautorizarias la prision de Carlos Rosalde é Ysidro Reyes y la prueba palpable para estos naturales de su falta de poder material y sobrenaturales dió mas cuerpo y cierto espiritu de rebeldía, que hasta entonces no habian tenido (*Sediciónes y Rebeliones 1884-1897* 83).

Magkakaugnay ang mga deskripsyon sa mga taumbayan na sumapi sa Dios-Dios—*fanatizados, supersticiosos,* at *sencillos* na naengganyo dahil sa mahirap na kalagayan. Kapuna-puna ang pananaw na ang kilusan ay gawain ng kriminalidad—"*impiden la recaudación de los impuestos.*" At ang mga pinuno ay mga simpleng kriminal na matapos ay ikinulong o ipinatapon sa malalayong lugar upang hindi na makalikha ng gulo sa mga pueblo. Halimbawa ito ng salungatan ng pagpapakahulugan ng dalawang magkalabang pananaw. Ngunit sa mga sumapi para maging taong-labas, isa itong pasibong pakikipagtunggali—ang umalis sa lalim ng pangingibabaw ng estadong kolonyal tungo sa mas maluwalhating pamumuhay sa bundok.

*Pag-iwas at Paglikas: Mapayapang Pakikipagtunggali*

Ang pag-iwas at paglikas ay hindi sabayang paglaban na ginawa ng mga katutubo ng Samar upang pasibong tumiwalag mula sa estadong kolonyal na naroroon sa mga pueblo. Naging remontado at *indocumentado* ang mga tumiwalag batay sa punto-de-bista ng Espanya. Sa tindi ng paghihirap na pang-ekonomiya at panlipunan may mga katutubo na napilitang lumikas at umalis mula sa mga pueblo para mamundok o umakyat ng bundok at maging remontado. Mahalagang salik ng paghihirap ang sapin-sapin na pananalanta ng sakit ng kolera, bagyo at balang. Naghikahos sa kabuhayan ang mga katutubo. At dagdag na pasanin pa rin nila ang pagbabayad ng buwis sa mga Espanyol. Ang mahihirap na katutubo ang labis na nahirapan sa epekto ng kalamidad, buwis at sapilitang paggawa.

Sa bundok, matatakasan nila ang pangingibabaw ng mga Espanyol sa buwis at lakas-paggawa. Tinagurian silang mga

indocumentado dahil wala sila sa listahan ng nagbabayad ng tributo sa estadong kolonyal. Tiningala ng mga katutubo ang mga pinuno ng Dios-Dios na aalalay sa panahon ng ligalig. Ang mga relihiyo-pulitikal na pinuno ng kilusan ang gagabay sa pagbuo ng bagong kaayusan.

Ang pagtitipon sa visita ng Bunga bahagi ng pueblo ng Dapdap ay isang mapayapang pakikipagtunggali. Binabalikan nito ang sinaunang kapaniwalaan ukol sa mga anito na napalitan ng mga imaheng katoliko. Noong Marso 1884, dumagsa ang mga mamamayan mula sa iba't ibang pueblo ng Catbalogan, Zumarraga, Calbiga, Paranas, San Sebastian at Jiabong upang magdasal kay *Nuestra Señora de Dolores*. Ayon sa ulat, umabot sa 500 ang bilang ng tao sa Bunga. Samantala sa ibang ulat naman ay dalawang libong katao (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 46-47, 52).

Sa sinkretikong relihiyong katoliko sa Pilipinas, ang mga anito ay napalitan ng mga santo. Samantala ang mga lugar ng Bunga, Tarangnan at Tinambacan ay maaring dati nang sentro ng peregrinasyon bago pa man dumating ang mga Espanyol. Kung kaya popular na lugar ang mga ito sa mga katutubo. Ang pakay ng mga peregrino sa Bunga ay pagtupad sa panata at pasalamatan ang mga milagrosong santo na sumagip sa kanilang buhay mula sa sakit na kolera. Plano ng mga peregrino na magtipon sa Bunga para magpasalamat sa santong Nuestra Señora de Dolores, tumungo sunod sa Tarangnan, Dapdap para magpasalamat kay *San Francisco de Asis* at huli sa barrio Tinambacan, Calbayog para magpasalamat kay *San Vicente Ferrer* (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 75-76).

Kinatigan ni Marco ang argumento ni Schumacher ukol sa relasyon ng kakulangan ng pari at pagkakaroon ng sinkretikong paniniwala ng mga katutubo. Dahil sa kakulangan sa mga pari sa Pilipinas mula nang pinaalis ang mga Heswita, may kakulangan din ang pagtuturo ng doktrina sa mga katutubo. Naghalo ang sinaunang kapaniwalaan at katolisismo. Nanatili rin ang impluwensiya ng tambalan at sinaunang panggagamot. May kaugnay na reklamo ang

gobernador ng Visayas na si Adolfo Rodriguez noong Abril 1884 sa pagpapabaya ng pari ng Jiabong sa loob ng walong buwan. Maaring hindi lamang ang Jiabong ang may ganitong problema kung kaya naging popular ang mga ipinahayag nina Reyes at Rosalde ng Dios-Dios (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897*, 94).

Nakakulong na sina Reyes at Rosalde noong kasagsagan ng peregrinasyon sa Bunga. Isang tao na nagngangalang Lucreo ang namuno sa mga peregrino na magsimulang maghimagsik dahil ang mapayapa at pasibong pakikipagtunggali ay tinapatan ng dahas ng mga Espanyol. Ang relihiyosong pakay ng pagpapasalamat sa Bunga ay nahaluan ng galit at politikal na tunguhin. Ipinahayag ni Lucreo sa mga katutubo na ang Bunga dagdag sa pagiging ligtas na lugar sa panahon ng cataclismo ay magiging isang dakilang bayan na may sinaunang kalinangan at mas murang bilihin. Mapapansin ang dagdag na pakay ng paglaban at pagpatay sa mga opisyal sa Samar partikular ang gobernadorcillo ng Gandara at tenyente ng Cambatutay.

> [Lucreo], el cual les hacia creer que apareceria en Bunga una gran ciudad, que volverian a sus antiguas costumbres y trajes, que bajaria el precio de los articulos, y que lo que pensaban era engrosar su número para asesinar al gobernadorcillo de Gandara, al teniente de la visita de Cambatutay y resistir a las autoridades. (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 84)

## *Harapan at Madugong Pakikipagtunggali*

Ang harapan at madugong pakikipagtunggali ng mga katutubo sa Samar ay bunsod lamang ng karahasan ng kapangyarihang Espanyol. Una nang nahuli ang mga pinuno ng kilusang *Dios-Dios*. Si Isidro Reyes noong Enero 6 at si Carlos Rosalde noong Marso 6. Dahil na rin dito at sa tangka ng pamahalaang kolonyal na pakialaman ang mga pagtitipon sa Bunga, nagsimulang magsandata ang mga katutubo. Ayon sa gobernadorcillo ng Gandara na si Don Dionisio Mendoza ang mga kalalakihan ay armado ng mga patalim at sibat (*"armas blancas y palos"*) (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 83).

Noong 19 Marso 1884, nagkasagupa ang mga kasapi ng Dios-Dios at *cuadrillero* sa barrio Bajoy sa Ilog Sapinit. Pinasusuko ng mga cuadrillero ang grupo nina Calistro Bolero, Lucreo, Carlos at Macario Rojas na armado ng bolo. Tumanggi sila at tinaga si Salustiano Lobrio na isang cuadrillero. Dahil sa kaunting bilang ng mga cuadrillero napilitan silang umatras. Samantala, noong 22 Marso 1884 may naiulat na humigit-kumulang 300 katao na armado ng bolo na nagkakampo sa kabundukan ng Bunga at Cambatutay. Pansamantala nilang dinakip ang opisyal na mensahero na si Antonio Cerbito. Kinumpiska ng grupo ang dalang pakete ni G. Cerbito, at sinunog ang mga kautusan para sa Dapdap, Gandara, Lao-ang, Catubig at Calbayog na nasa loob ng pakete. At kinuha ang salapi, mga bulas (mga sulat ng Santo Papa) at gaceta (*Sedíciónes y Rebeliónes 1884-1897* 26-37).

Binalaan si Cerbito na huwag bumalik sa Catbalogan dahil susugod doon ang grupo nina Lucreo at Bolero para sagipin ang mga kasamahang nakakulong sa Catbalogan. Kung kaya humingi ng tulong si Gobernador Enrique Chacon ng Samar sa Leyte, at Cebu ng dagdag na *guardia civil* at cuadrillero (*Sedíciónes y Rebeliónes 1884-1897* 43).

> ... las reuniones que tuvieron lugar en la visita de Bunga, del pueblo de Dapdap, cuan conveniente seria, para aumentar los rendimientos de la provincia de Samar, para atraer a la vida legal el crecido numero de familias remontadas que existen en los montes de la misma por falta de trabajo que les proporcione recursos con que atender a las necesidades de dicha vida, y para evitar que la reunion y como las de que me ocupo. (*Sedíciónes y Rebeliónes 1884-1897* 431b-432)

Dumating sa Catbalogan ang mga dagdag kumpanya ng guardia civil noong 31 Marso 1884. Umalis ang hukbo ng gobyerno tungong Bunga noong 1 Abril ng alas 11 ng gabi sakay ng mga bangka. Umaga ng 2 Abril nadatnan nilang handang naghihintay sa dalampasigan ang may 1,500 kalalakihan. Mas marami ang mga remontado kaysa sa guardia civil ngunit hindi nila kayang tapatan ng bolo at sondang ang

bala ng baril ng kalaban. Natapos ang labanang ito na may 13 namatay na remontado, 23 nasugatan at 95 na bilanggo. Nasamsam ang may 79 iba't ibang uri ng patalim, sibat, kris at sondang. Marami sa mga katutubo ang nakatakas tungong bundok (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1897* 61b).


Nagkaroon ng ilang buwang katahimikan matapos ang marahas na pagsawata sa Dios-Dios ngunit ang mga kasapi nito ay nanatiling nakatago sa bundok. Nabasag ang katahimikan noong Oktubre 1884 sa Soroc, isang visita sa hilaga ng Borongan na pinakaimportanteng pueblo sa silangang bahagi ng Samar. Nagtipon sa Soroc ang mga remontado mula sa iba't ibang lugar ng Libas, Boloan, Magtaon, Pagbabangnan at Borongan. Layunin nilang umatake sa Borongan para patayin ang *cura párroco*, guardia civil at iba pang pangunahing opisyal doon. Sa harap ng bantang ito humingi ng dagdag na guardia civil mula sa Catbalogan, Loquilocon, Oras at Sulat si Romualdo Frayle, ang kumandante ng guardia civil ng Borongan noong 4 Nobyembre 1884 (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1896* 446-447b). Tingnan ang Mapa 5

Ang mga kasapi ng Dios-Dios na sasalakay sa Borongan ay may suot na eskapularyong itim na naglalaman ng maliit na papel na sinulatan ng dasal. Pinaniniwalaan nila na hindi sila tatablan ng mga armas ng kalaban (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1896* 443).

Noong 5 Nobyembre 1884 nagsagawa ng pag-atake sa Borongan ang may 400 na remontado na pinamunuan ni Ludovico Barros. Sinalubong sila ng isang *cabo* at sampung guardia civil. Matapos ang kalahating oras, umurong ang mga remontado at naiwang patay at sugatan ang may 19 katao. Nabawi sa kanila ang dalawang baril na naagaw ng mga remontado sa dalawang guardia civil sa San Santurnino noong 28 Oktubre. Malubhang nasugatan sa labanang ito si Jose Laguia, guardia civil 2ª clase (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1896* 467-468).

Samantala sa sitio Bil-at, Villareal, nagkaroon ng madugong paglalaban sa gitna ng Dios-Dios at guardia civil noong unang linggo ng Nobyembre 1884. May isang guardia civil na namatay at tatlo

## Mapa 5
## Lokasyon ng mga Pag-aalsa ng *Dios-Dios* sa Samar




1. Lugar ng peregrinasyon at pag-atake ng pamahalaan laban sa mga katutubo sa Bunga noong Marso 1884.
2. Pag-atake ng Dios-Dios sa Borongan at erya ng *"estado de sedicion"* noong Nobyembre 1884.
3. Labanan ng Dios-Dios at *guardia civil* sa Villareal noong Nobyembre 1884.

Batis: Cruikshank, "Pilgrimage and Rebellion" and "Continuity and Change"; Abejo.

mula sa kampo ng Dios-Dios. Kung kaya idineklara ng gobernadorcillo ng Borongan na si Romualdo Frayle noong 7 Nobyembre 1884 ang *"estado de sedición"* sa sakop ng Sulat hanggang Lanang, silangang bahagi ng Samar (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1896* 453-453b, 456).

Dumating din noong Nobyembre ang dagdag na puwersa mula sa *3^er Tercio de Guardia Civil* mula Leyte at Cebu na pinamumunuan nina Coronel Don Luis Pratt, at Kumandante Alferez Don Eugenio Ramos. Lulan ng *goleta de guerra* "Animosa" ang dalawang kumpanya ng rehimiyento ng impanteriya Jolo blg. 6. Inutusan ang mga guardia civil na ito na suyurin ang mga pamayanan ng mga Dios-Dios sa kabundukan.

Narito ang isang ulat ng guardia civil ukol sa kanilang misyon:

> Estas operaciones han durado dos dias consiguiendo fraccionarlos en pequeños grupos é internarles, se les han quemado mas de cien casa y destruido cuanto pudieran ser les de utilidad.
>
> Tan luego descanse la fuerza de darán continuas batidas en distintas direcciones y simultaneamente, esperando de ellas no solo un buen resultado sino la esperanza de los principales autores (*Sediciónes y Rebeliónes 1884-1896* 463).

Isang taon matapos ang madugong pagsalakay sa Borongan at pagtugis sa mga kabundukan, marami pa rin ang mga bilanggo sa kulungan ng Catbalogan. Ayon sa *memoria medica* ni Mariano Cervantes noong Nobyembre 1885, karamihan sa mga bilanggo ay kasapi ng Dios-Dios mula sa pueblo ng Oras. Marami sa mga bilanggo ang nagkasakit dahil maliit ang kulungan at walang sariwang hangin. Isinalaysay niya ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga bilanggo dahil din sa *"hambre y llenos de miseria."* Ang mga *latrinas* na naglalaman ng dumi ng mga bilanggo ay nasa loob mismo ng mga kuwarto at itinatapon lamang sa umaga. Ang mabahong amoy ng mga dumi ay naiiwan sa masikip na kuwarto na may maliit na bintana. Ang kadalasang sakit dito ng mga bilanggo ay anemia at disenteria. Sa

taong 1885, umabot sa 144 ang namatay na bilanggo at sa sumunod na taong 1886 may 70 ang namatay na bilanggo (*Memorias Medicas* S 302-S 303b). Tila nagbibiro ang tadhana, nagsimula sa mga sakuna at sakit ang kahirapang nagbunga sa mga remontado at nagtapos sa mga bilanggong remontado na namatay din sa sakit.

## Paglalagom

Umangkop ang mga Samareño sa tatlong sonang heograpikal ng kabundukan, kapatagan at karagatan ng Samar sa pagbubuo ng kanilang pamumuhay. Ang paninirahan ng mga katutubo ay nakayakap sa makitid na kapatagan sa kagiliran ng isla. Patuloy ang ganitong gawi kahit na noong dantaon 19. Mas dumami ang bilang ng pueblo at mas lumaki ang populasyon noong dantaon 19. Nagpatuloy ang parehong uri ng mga materyal sa pagtatayo ng bahay—nipa, kawayan at tabla.

Sa gitna ng mabagal na pag-unlad sa Samar batay sa pagdami ng pueblo at paglaki ng populasyon, nakibaka ang mga mamamayan sa hamon ng tatlong kalamidad ng bagyo, balang at kolera. Ang mga ulat ay naglalaman ng mga salaysay ng pinsala sa ari-arian at buhay. Matapos ang mga bagyo, paulit-ulit na itinatayo ang kanilang bahay at pamumuhay. Nang walang makain sa pueblo dahil sa salot ng balang, lumikas ang mamamayan sa kabundukan upang doon mabuhay nang nangangalap ng prutas at halamang-ugat. At sa panahon ng krisis pangkalusugan sanhi ng kolera, lumikas din ang mamamayan. Isang problema sa buong kapuluan noong huling bahagi ng dantaon 19 ang kakulangan sa sanitasyon at nutrisyon kung kaya ang sakit na kolera ay mabilis na kumalat. Matapos ang huling kaso ng kolera sa probinsiya ang populasyon ay bumalik sa pagdami.

Noong dantaon 19 din umusbong ang kilusang relihiyo-politikal na Dios-Dios. Nakita sa pag-aaral na ito na ang paglikas at pamumundok ng mga katutubo sa Samar ay natural na reaksyon sa hamon ng sakuna at sakit. Nakita ito sa Gandara nang nakaranas ito ng pagsalanta ng daga, balang at pag-ulan. Ang mga mamamayan ay

nagkagutom at walang trabaho sa mga pueblo kung kaya nagdesisyon silang mamundok at doon maghanap ng nakakaing prutas at halaman. Kapuna-puna na ang naging unang sentro ng kilusang Dios-Dios ay nasa sakop ng Gandara rin. Ang Bunga na sentro ng peregrinasyon kay Nuestra Señora de Dolores ay visita ng Gandara. Ang mga santo sa Bunga, Tarangnan at Tinambacan ay pinaniwalaan na sumanggalang sa kanila laban sa sakit ng kolera.

Nagsimula sa isang mapayapang peregrinasyon ang pakikibaka at pakikitunggali ng mga katutubo. Ngunit dahil sa marahas na reaksyon ng estadong kolonyal na ibalik sa pueblo ang mga remontado, ang kilusang relihiyoso ay nagsimulang magsandata. Lumaban sila sa Bunga, muling namundok at muling sumalakay sa Borongan at Villareal.

Hindi pa kumpleto ang pag-aaral na ito sa tatlong kalamidad. Kinakailangan pang tingnan ang iba pang legajo sa sinupan. Kinakailangan ding magsagawa ng pag-aaral sa larangan. Maaari ding palawigin pa ang pag-aaral sa iba pang kalamidad tulad ng sunog at lindol.

## Mga Tala

[1] Isang patunay na mas regular at mabilis na biyahe ng bapor sa Samar, ang pagbilis ng pagpapadala ng sulat sa Samar at Manila, mula 15 araw naging 10 araw na lang noong 1834. Samantala, noong 1893 dalawang bapor ang dumarating tuwing sampu o labing-limang araw mula Manila hanggang Samar, tuwing 28 araw sa Calbayog. Hindi naman regular ang biyahe sa Guiuan, Borongan, Laoang, Catubig at Catarman. Cruikshank, "Continuity and Change" 230; *Memorias Medicas.*

[2] Tingnan ang tesis ni Sophia Marco ukol sa pag-aaral sa Dios-Dios sa Pilipinas lalung-lalo na sa Visayas; batay ang pag-aaral na ito sa mga termino tungkol sa pakikitunggali na nilinaw ni Gealogo. Sinuri ni Gealogo sa loob ng diskurso ng pagpapakahulugan sa kasaysayan at kapangyarihan ang mga katutubo at banyagang termino ng pakikipagtunggali.

## Sanggunian

Algue, Jose S.J. *The Cyclones of the Far East.* Manila: Bureau of Public Printing, 1904.

Azicate, Enrico R. "Epidemiko at Kalusugan: Kalamidad sa Karapatang Pantao." *Kalamidad, Rebolusyon at Kabayanihan: Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon.* Pinatnugutan nina Brigido Corpuz at Edgar Rosero. Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., (1996): 133-40.

Bantug, Jose P. *A Short History of Medicine in the Philippines: During the Spanish Regime 1565-1898.* Manila: Colegio Medico-Farmacéutico de Filipinas. Inc., 1953.

Cruikshank, Bruce. "Continuity and Change in the Economic and Administrative History of 19th century Samar." *Philippine Social History: Glodal Trade and Local Transformations.* Pinatnugutan nina Alfred W. McCoy at Ed. C. de Jesus. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, (2001): 219-49.

—–. "Pilgrimage and Rebellion on Samar (1884-1886)." *Wisconsin Papers on Southeast Asia No. 3.* Center for Southeast Asian Studies of the University of Wisconsin-Madison, 1979.

—–. "The Settlement of Samar in the Nineteenth Century" *Leyte-Samar Studies.* 12 (1978): 1, 30-63.

—–. *Samar: 1768-1898* Manila: Historical Conservation Society, 1985.

de Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemics and Disease in the Colonial Philippines.* Princeton: Princeton University Press, 1995.

de Blij, Harm J. *Human Geography: Culture, Society and Space.* NY: Wiley, 1993.

Gealogo, Francis. "Ang Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan." *Philippine Social Sciences Review.* Special Issue (1994): 1-37.

Jagor, Fedor. *Travels in the Philippines.* London: Chapman and Hall, 1895. Manila: Filipiniana Book Guild. 1965.

Mallat de Bassilan, Jean Baptiste. *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania.* Isinalin ni Pura Santillan-Castrence, katuwang si Lina S. Castrence. Manila: National Historical Institute, 1983.

Marco, Sophia. "Dios-Dios and other Forms of Resistance in the 1880's." M.A. Thesis. University of the Philippines, 2000.

Martinez Alcubilla, Marcelo. *Diccionario de la administración Española compilacion de la novisima legislación de España peninsular y Ultramarina, en todos los ramos de la administración publica.* Madrid: Administración: Arco de Santa Maria 41 triplicado. 1892-1895.

Martinez de Zuñiga, Joaquin. *Estadismo de las Islas Filipinas ó mis viajes por este país.* Madrid 1893; Isinalin ni Vicente del Carmen na may introduksiyon ni Fr. Isacio Rodriguez, O.S.A. Manila: Filipiniana Book Guild, 1973.

McIntyre, Michael Perry. "Leyte and Samar: A Geographical Analysis of Rural Economics of the Eastern Visayas." PhD Dissertation. Ohio State University, 1951.

Philippine National Archives. *Calamidades Publicas 1845-1898.*

——. *Calamidades Publicas 1856-1891.*

——. *Calamidades Publicas 1863-1887.*

——. *Calamidades Publicas 1864-1883.*

——. *Calamidades Publicas 1865-1892.*

——. *Erección de Pueblos Samar 1749-1848.*

——. *Memorias Medicas Varias Provincias.*

——. *Sediciones y Rebeliones 1884-1896.*

——. *Sediciones y Rebeliones 1884-1897.*

Rodriguez Berriz, Miguel. *Diccionario de la Administración de Filipinas.* 15 vols. Manila: M. Perez, 1887-1888.

Veneracion, Jaime B. "Kalamidad, Rebolusyon at Kabayanihan: Pagmumuni-muni sa Kahulugan nito sa ating panahon." *Kalamidad, Rebolusyon at Kabayanihan: Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon,* Pinatnugutan nina Brigido Corpuz at Edgar Rosero. Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., (1996): 1-6.

Worcester, Dean C. *A History of Asiatic Cholera in the Philippine Islands.* Manila: Bureau of Printing, 1908.